JAN 19 2023

Enero 19, 2023

MEMORANDUM PANREHIYON
Blg. 0058, s. 2023

Para sa mga: PANSANGAY NA TAGAPAMANILA NG MGA PAARALAN
Ang Rehiyong ito

PAGSUSUMITE NG ULAT-PAGLALAGOM SA PANSANGAY NA PRE-ORAL PHILIPPINE INFORMAL READING INVENTORY (PHIL-IRI) SY 2022-2023

1. Bilang tugon sa pagsisikap ng Kagawaran ng Edukasyon na mapausbong pa lalo ang programang pagpapaigting at pagpapaunlad sa pagbasa, ang rehiyon sa tulong ng *Curriculum and Learning Management Division (CLMD)* ay magsasagawa muli ng pagsusuri at pag-aaral sa mga resulta ng Pre-Oral Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI) sa Panuruang Taon 2022-2023.

2. Layunin ng pagsusuring ito na:
   a. matukoy ang mga mag-aaral na nabibilang sa bawat *literacy level*;
   b. maiangkop ang mga planong gawain/interbensyon sa inilatag na programa kaugnay sa pagpapaunlad ng performans sa pagbasa ng bawat dibisyon; at
   c. magamit ang resulta sa anumang pagsasaliksik kaugnay sa pagtuturo at pagkatuto, at pagpapaunlad ng pagbasa ng mga mag-aaral.

3. Dahil dito, hinihingi ang bawat sangay sa tulong ng Pansangay na Tagamasid/Koordineytor sa Filipino na magsumite ng kopyang elektronik ng Ulat-Paglalagom at iba pang pangangailangang datos kaugnay sa pagpapatupad ng Phil-IRI sa mariaconsuelo.jamera@deped.gov.ph bago ang Enero 25, 2023.

4. Ang mga *template* ay maaaring gawin sa excel format. Inaasahan na ipapadala sa bawat email address ng bawat koordineytor/tagamasid ang nasabing mga *template*.

5. Sa dagdag na detalye at katanungan, maaaring sumangguni sa CLMD sa pamamagitan ni Maria Consuelo C. Jamera, EPS-Filipino. Maaaring mag-email sa mariaconsuelo.jamera@deped.gov.ph o tumawag sa 09120821145.

6. Maaga at malawakang pagpapalaganap sa Memorandum na ito ay inaasahan.

**MA. GEMMA MERCADO LEDESMA**
Direktor ng Rehiyon

Kalakip: Wala
Sanggunian: The Phil-IRI Manual 2018
Ilalagay sa <u>Palagiang Palatuntunan</u>
sa ilalim na sumusunod na paksa:

FILIPINO MONITORING READING INVENTORY

CLM/mcj
01/19/2023